

1

“Hanggang kailan mo ba ako lolokohin? Kailan ka hihinto d’yan sa pambababae mo? Lumalaki na si Chloë. Nakikita niya ang mga ginagawa mo at palagi na siyang nagtatanong sa akin kung bakit madalas kang wala!” malakas na sigaw ng mama ni Chloë sa kanyang papa. “Ano ang sasabihin ko sa kanya?” dugtong pa nito.

“Kapag hindi ka tumigil sa kadadakdak mo d’yan, iiwan ko na talaga kayo! Wala ka nang ginawa kundi dumakdak nang dumakdak sa harapan ko!” sagot ng ginoo. “Masyado kang nagger!”

“Kung matino kang ama, sa tingin mo ba magiging ganito ako? Kung ang iniintindi mo ay pagtatrabaho lang at kaming mag-ina mo, wala akong ibang gagawin kundi ang alagaan ka nang maayos. Michael, sawang-sawa na ako. Pagod na pagod na akong intindihin ka sa mga bisyo mong ’yan at lalong-lalo na d’yan sa babae mo. Ako na ang asawa mo ngayon. May anak na tayo.”

Nagdadabog na umalis ang papa ni Chloë at malakas pa nitong ibinagsak ang pinto. Naiwang umiiyak ang kanyang mama habang nakatingin sa nakasarang pinto.

Napasigaw si Chloë nang magising habang hinahabol ang kanyang hininga. Nanaginip na naman siya at iyon ulit ang laman ng kanyang panaginip. Hanggang kailan ba niya ito mapapanaginipan? Kailan ba niya makakalimutan nang tuluyan

ang pangit na bahaging iyon ng kanyang buhay?

“O, Chloë, anak, gising ka na pala. Bumangon ka na at baka ma-late ka pa sa trabaho mo. Nakahanda na ang almusal. Sabay na tayo kumain,” sabi ng kanyang mama, si Cess.

“Opo, Ma. Bababa na din po ako.”

Kumakain na sila ng kanilang agahan nang magtanong ang matandang babae.

“Anak, kamusta pala sa trabaho mo?”

“Okay naman po, Ma,” matipid niyang sagot.

“Anak, ilang taon ka na ba? Wala ka pa ding ipinapakilala sa akin bilang boyfriend. Tapatin mo nga ako, ano ba talaga ang gusto mo? Tatanggapin naman kita kahit ano at sino ka pa, eh. Sabihin mo lang sa akin.”

“Ma, ayan na naman po tayo, eh. Babae po ako. Lalaki po ang gusto ko,” paliwanag niya.

Madalas itong mag-bring up ng ganoong topic, minamadali na siyang mag-boyfriend. May apat na taon na rin kasi siyang tapos sa pag-aaral. Nursing ang natapos niyang course. At wala pa siyang naipapakilala sa ina kahit na isang lalaki bilang kanyang boyfriend. Dahil doon kaya nag-aalala ito para sa kanya.

“Anak, ilang beses ko ba sasabihin na hindi lahat ng lalaki ay kagaya ng ama mo. Marami d’yan ang matino. Marami d’yan ang

tapat. Subukan mo, anak, para hindi ka tumanda nang mag-isa.”

Lahat po ng lalaki ay kagaya ni Papa. Napatunayan ko na po 'yan, sabi ni Chloë sa isip. Hindi naman niya ito masabi sa kanyang mama. “Tapos na po akong kumain, maliligo na po ako.” Tatayo na sana siya nang pigilan siya ni Cess.

“Anak, maganda ka, matalino at masipag. Lambutan mo 'yang puso mo para mas gumaan at sumaya ang buhay mo.”

“Masaya po ang buhay ko, Mama, kahit na walang lalaki.” Iniwan na niya ito upang bumalik sa kanyang kuwarto.

Limang taon siya nang iwan sila ng kanyang papa. Hindi na niya maalala kung ano ang itsura nito. Walang ipinapakita ni Cess na larawan ng kanyang ama upang malaman niya ang itsura nito. Kinalimutan na rin niya ito. Kagaya ng paglimot nito sa kanila. Sumama ang ama niya sa ibang babae.

Hindi makalimutan ni Chloë ang mga panahon na nakikita at naririnig niya ang kanyang mga magulang na laging nag-aaway. Bata pa lang siya ay namulat na siya na walang matinong lalaki, kahinaan ng mga ito ang mga bisyo kasama roon ang mga babae. Awang-awa siya sa kanyang mama lalo sa mga panahon na nakikita niya itong umiiyak. Nawala na rin ang tiwala niya sa mga lalaki.

Napansin ito ni Cess kaya halos araw-araw kung paalalahanan siya nito na hindi lahat ng lalaki ay manloloko. Hindi lang alam ng kanyang mama na sinubukan niya kung

totoo ang sinasabi nito sa kanya. Napatunayan niyang totoo ang paniniwala niya noong bata pa lang siya, na lahat ng lalaki ay manloloko at babaero. Kaya ngayon wala na talaga siyang tiwala na maibibigay pa sa mga lalaki. Sapat na ang dalawang beses na sinubukan niyang makipagrelasyon sa mga ito.

Matapos maligo at makapag-ayos sa sarili ay bumaba na si Chloë para pumasok sa kanyang trabaho.

“Ma, alis na po ako,”paalam niya.

“Mag-ingat ka, anak. ’Wag kang magpapagutom.”

“Opo.”

Nakasakay na siya sa jeep nang may mapansin siyang lalaki sa tapat niya na nakasuot ng puti ring uniform. Nurse din ito kagaya niya. Napansin niyang guwapo ito; panay ang tingin dito ng mga katabi niyang babae. Pero ang lalaki ay tahimik lang at mukhang suplado. Agad na siyang umiwas ng tingin nang makita niyang patingin ito sa direksyon niya.

“Manong, bayad po. D’yan lang po sa *St. John*,” sabi ng lalaking nasa harap niya.

Nagulat si Chloë sa narinig. Iisa lang pala ang pinagtatrabahuan nila. Nurse siya sa *St. John Hospital* at tatlong taon na siyang nagtatrabaho roon. Matapos makapag-graduate ng Nursing ay pumasok muna siya sa isang kompanya bilang secretary para lang makapag-ipon ng perang gagamitin niyang

pang-exam upang maging registered nurse. Matapos makaipon ay umalis siya agad sa kompanya at nag-review para sa licensure examinations for nurses. Mapalad naman na nakapasa siya.

Nag-apply kaagad siya sa mga ospital na malapit lang sa kanilang bahay at isa ang *St. John Hospital* sa nagpatawag sa kanya para sa interview. Naipasa niya ang lahat ng interviews, kaya nakapagsimula kaagad siya bilang nurse. Masaya siya sa ginagawa kahit na minsan nakakapagod din. Private hospital ang pinagtrabahuhan niya, pero meron din silang public hospital para sa mahihirap.

“Manong, bayad po,” sabi ng dalaga, sabay abot ng pamasaha.

“Saan ito?” tanong ng driver.

“Sa *St. John* po.” Ayaw na nga sana niyang sabihin kung saan siya bababa at malalaman ng lalaking kaharap niya na magkatrabaho sila. Sa laki ng nabanggit na ospital ay hindi rin naman magkakakilala lahat ang mga nagtatrabaho roon.

Umaga ang duty niya samantalang noong mga unang taon niya roon ay madalas siyang panggabi.

Hindi na niya nakita kung ano ang naging reaksyon ng lalaking katapat nang marinig nito na sa *St. John Hospital* din siya nagtatrabaho. Hindi na kasi niya ito tiningnan.

Matapos makababa sa jeep ay binilisan na ni Chloë ang

lakad para hindi na niya ulit makita ang lalaking nakasakay. Dumaan pa muna siya sa rest room para mag-ayos ng sarili. Pagkadating sa nurse station, nandoon na si Badette. Kagaya niya ay nurse din ito at matalik din niyang kaibigan. Agad siya nitong kinausap.

“Friend, you’re here na. Dumaan na kanina si Sir Deo, kasama ’yung papalit kay Erwin. Sis, ang guwapo niya! Nae-excite tuloy ako na makilala siya. For sure, magiging close natin siya. Ewan ko lang ikaw kung magiging close mo siya. Kasi hindi naman siya mukhang gay gaya ni Erwin.”

“Ah, okay. Ikaw talaga, ang hilig mo sa guwapo. Ilang beses ko ba sasabihin na wala nang lalaki sa panahon ngayon ang hindi manloloko at babaero, lalo na kapag guwapo.”

Sumimangot ang kausap. “Umandar na naman ’yang pagiging man-hater mo. Ang sarap-sarap kaya magmahal ng mga lalaki. At tama ang mama mo sa kaka-remind sa ’yo na hindi lahat ng lalaki ay ganoon. Bahala ka na nga d’yan. Hindi naman ako nananalo sa ’yo tuwing napag-uusapan natin ito.”

Hindi na siya nakasagot pa sa kaibigan nang dumating na ang pinaka-head sa kanilang department.

“Sir Deo, hello po,” masayang bungad ni Badette sa bagong dating. Bumati rin siya sa boss nila.

“Hi, Badette and Leng-Leng. Here with me is Matthew, ang bago ninyong makakasama dito sa station ninyo,” pakilala

ni Sir Deo sa lalaking katabi nito.

Leng-Leng ang naging nickname ni Chloë simula high school. Mga kaklase lang niya ang nagbigay niyon sa kanya at simula noon ay nasanay na siya na ‘Leng-Leng’ ang tawag sa kanya ng mga kaibigan at mga katrabaho niya. Mama lang niya ang tumatawag sa kanya ng ‘Chloë’.

Nanlaki ang kanyang mga mata nang makita na ang lalaking katapat niya kanina sa jeep, ang bago niyang makakasama sa station. Ito ang papalit sa kaibigan nilang si Erwin. Nalipat kasi ito sa ibang station at nagbago rin ang schedule ng duty.

“Hi, I am Badette,” masayang pakilala ng kaibigan niya sa lalaki.

“Hello, I’m Matthew. You can just call me ‘Matt,’ ” pakilala rin ng lalaki sa sarili.

“Ito naman si Chloë pero ‘Leng-Leng’ na lang, ’yun ang tawag sa kanya dito, eh. Pasensya na at minsan talaga tahimik lang siya,” dugtong ng babae nang makita na hindi pa siya nagsasalita.

“Uhm...okay lang. Hi, Chloë. I’m Matthew.”

“Hello. Welcome.” Ayaw pa sana niyang magsalita, pero katabi nito ang kanilang boss. Baka mapatawag siya ng huli kapag hindi siya umayos.

“So, girls, kayo na muna ang bahala kay Matthew, ha. Please

guide him. Galing siya sa public hospital at bago siya sa atin, kaya i-guide ninyo muna para hindi din siya mahirapan. Okay?” bilin ni Sir Deo sa kanila.

“Yes po, Sir. Kami na po ang bahala,” masayang sabi pa ni Badette.

Agad na bumalik si Chloë sa table niya para tingnan ang kanyang schedule. Marami siyang rounds na kailangang gawin ngayong araw, pero alas nueve pa ang start. Mahigit thirty minutes pa siya maghihintay. Tiningnan na lang muna niya ang mga records ng kanilang mga pasyente.

Merong isang bata na gustong-gusto niyang pinupuntahan. May sakit ito sa puso. Pero kahit na may karamdaman ay masayahin pa rin ito. Gustong-gusto niyang pinupuntahan ito sa kuwarto sapagkat naaliw siya sa pasyente at nagiging inspirasyon ito sa kanya. Mamaya pang alas diez ang schedule niya para puntahan ito.

“Leng, ikaw naman, baka meron kang gustong ituro dito kay Matt. Naituro ko na lahat ng alam ko, eh,” pukaw ni Badette sa kanya.

“Ah, naituro mo na naman siguro sa kanya ang lahat?” tanong niya rito.

“Alam ko na, Leng-Leng, isama mo na itong si Matt sa mga rounds mo today para makapag-observe siya sa mga dapat gawin.”

Ayaw sana niyang sumang-ayon sa kaibigan, pero naisip ng dalaga na ito naman talaga ang trabaho nila kapag may bagong kasamahan sila sa station.

“Okay, sige.”

Tumingin siya kay Matthew. Nakita niyang tahimik lang ito na nagmamasid at nakikinig sa kanila. Nakita na naman niya ang mukha nitong napakaamo. Mukhang masungit ito pero mukha rin namang mabait.

Hindi nagtagal at nagsimula na silang mag-rounds at kagaya ng napag-usapan ay buong araw na sasama sa kanya si Matthew. Si Robert ang susunod niyang pupuntahan na pasyente.

May dala siyang linen para mapalitan ang nagamit nang bedsheet, kumot at punda ng unan. Hindi niya talaga maiwasan ang maging masaya kapag dadalawin ang bata. Nakasunod lang sa kanya si Matthew.

Napansin niyang halos lahat ng mga babaeng nakakasalubong nila ay napapatingin nang matagal sa kasama niyang bagong nurse. Halatang naguguwapuhan ang mga ito sa lalaki. Hindi naman mababakas sa anyo ng huli ang yabang kahit madaming tumitingin dito.

Natanong tuloy ni Chloë sa sarili kung alam ba ni Matthew na guwapo ito? Parang hindi kasi. Pasimple siyang tumingin sa lalaki.

Ang guwapo talaga niya! aniya sa sarili.

Hindi niya tuloy namalayan na may tao pala sa harapan niya at muntikan na niya itong mabangga. Mabuti na lang at mabilis siyang nahila ni Matthew. Naramdaman niya ang kamay nito sa kanya at halos magkalapit ang kanilang mga mukha. Tumingin siya sa mga mata nito at nakita niyang nakatingin din ito sa kanya. Ilang segundo na parang huminto ang oras sa paligid nila nang magsalita si Matthew.

“Okay ka lang?”

“Ah... eh... ano kasi... oo, okay lang ako. Pasensya na,” nauutal at namumula niyang sagot.

“Sa susunod, titingin ka lagi sa harap mo kapag naglalakad,” nakangiting sabi nito. “Ako na ang magdadala ng mga iyan,” tukoy nito sa linen na hawak niya.

Ngiti na lang din ang isinagot niya sa lalaki bago ibinigay ang hawak na pamalit para sa kama ni Robert. Mas lalo itong gumuguwapo sa paningin niya nang ngumiti ito. Kompleto at mapuputi ang ngipin nito. Sino ba naman ang babaeng hindi makakapansin sa ganitong klaseng lalaki?

Chloë, lalaki ’yan, lahat sila manloloko. Iiwan ka lang din nila sa huli, paalala niya sa sarili.

Nakarating na sila sa kuwarto kung nasaan ang pasyente na kailangan nilang puntahan. Nagulat siya sa ginawa ni Matthew.

Binuksan nito ang pinto para sa kanya. Napatingin tuloy siya sa lalaki at nakita niyang nakangiti ulit ito sa kanya.

“Salamat pero kaya ko naman ang sarili ko.” Pinilit niyang hindi maipakita sa kasama ang kilig na nararamdaman niya.

“Ate Leng-Leng. Kanina pa po kita inaantay, eh,” masayang bati sa kanya ng batang pasyente na si Robert Monsod nang makita siya.

“Hello, Robert. Kanina ko pa nga din gusto pumunta dito, eh. Kaya lang hindi p’wede at may iba pa akong mga pasyente na kailangan ding puntahan.”

“Yehey! Na-miss mo din ako, Ate. Gusto mo kantahan ulit kita?”

“Oo, sige ba. Mamaya ulit kapag may free time ako, pupuntahan kita dito. Pero kailangan muna nating palitan ang bedsheet, kumot, at pillowcase ng kama mo.”

“Sige po, Ate.” Binuhat ito ng ama mula sa kama para magawa ng dalagang nurse ang dapat gawin. Napatingin ang bata sa kasama niya. “Hi po, Kuya. Ako po si Robert.”

“Ako naman si Matthew. Tawagin mo na lang akong ‘Kuya Matt,’ ” Tinulungan nito si Chloë na alisin ang nagamit na bedsheet at kumot sa kama ng pasyente.

“Ang guwapo n’yo po, Kuya. Pero mas lamang pa din po ako ng isang paligo sa ’yo.”

Natawa sa bata si Matthew.

Nangingiti namang nakikinig ang dalaga sa usapan ng dalawa habang inaayos ang kubrekama. Pinalitan na rin niya ng bagong punda ang unan.

“Hindi lang ’ata isang paligo. Parang seventy-three na paligo. Ang guwapo-guwapo mo kaya.”

Natawa rin si Robert sa isinagot ng binata. Pati si Chloë ay natawa sa sinabi ng lalaki.

Bakit kailangan seventy-three? tanong niya sa sarili.

Naisip niyang may side din pala si Matthew na mapagbiro. Simula kasi kanina ay mas nakita niya itong seryoso at mukhang masungit. “O, Robert, higa ka na ulit nang mai-check na kita.”

Ibinalik ni Mr. Hernando Monsod ang anak sa kama upang makahiga ang huli.

“Salamat po, Kuya,” ani Robert. “Paglaki ko gusto ko maging kagaya n’yo ni Ate Leng-Leng. Gusto ko din maging nurse. Gusto ko mag-alaga sa mga maysakit. Gusto kong maging kasingbait ni Ate Leng-Leng at maging kasingpogi mo, Kuya, kapag nurse na ako.”

“Kapag malaki ka na, mas magiging guwapo ka pa sa akin at p’wede din na mas maging mabait ka pa kay Ate Leng-Leng mo kaya dapat magpagaling ka na,” nakangiting tugon ni Matthew bago sumulyap sa babaeng nurse.

“Nagpapagaling naman po ako, Kuya, kahit itanong mo pa kay Ate Leng-Leng. Di ba, Ate?”

“Aba, oo, sobrang bait ni Robert at iniinom niya lahat ng gamot na dapat niyang inumin. Kaya nga love na love ko siya, eh,” anang dalaga habang kinukuhanan niya ng blood pressure ang pasyente.

“Love na love din kita, Ate Leng-Leng.”

“O, tapos na ako, Robert. Very good ang condition mo ngayon,” ani Chloë nang matapos na siya sa pag-check ng vital signs ng bata.

“Salamat po, Ate.”

Nagsalita na rin ang mga magulang ni Robert na nasa tabi lang ng bata at nakikitawa sa kanila.

“Thank you so much, Nurse Leng,” sabi ni Mrs. Evelyn Monsod, ang ina ng bata.

“You’re welcome po.”

“Hahanap-hanapin ka na naman ni Robert, Nurse Leng, ’tapos ngayon mukhang may panibago siyang hahanap-hanapin, si Nurse Matt,” nakangiting saad ng daddy ni Robert na si Mr. Monsod.

“Hayaan po ninyo, Sir, at babalik naman po ako dito palagi. Di ba, Robert?” masayang sabi ni Chloë sa mga kausap.

“Dadaan-daan naman po ako dito para kay Pareng Robert.” Nakangiting tumingin si Matthew sa bata at nakipag-high five ito. Tuwang-tuwa nakipag-high five dito ang paslit.

Bago umalis ang dalawang nurse ay sinuri muna ni Chloë ang side rails ng kama upang masigurong gumagana iyon. Dala ang maruming linen, lumabas na sila sa kuwarta ni Robert pagkatapos makipag-usap. Sinamahan muna ni Chloë ang binata sa linen room upang iwan doon ang maruming bedsheets, blanket at pillowcase bago sila pumunta sa ibang pasyente para ma-check nila.

Natapos ang buong maghapon. Naging masaya ang buong araw. Iba ang araw na ito para kay Chloë. Naramdaman niya ang kasiyahan ng trabahong ginagawa niya.

Ito naman talaga ang gusto niya kahit noon pa man, ang makatulong sa mga taong may-sakit at nangangailangan, pero parang ngayon lang niya naramdaman ang ganitong saya.

Napansin iyon ng kaibigan niya.

“Friend, ang saya, ’no? May kapalit na si Erwin. Di na tayo masyadong mahihirapan dito,” makahulugang sabi nito.

Nginitian na lang niya si Badette.

Tama ito na malaking tulong sa kanila ang pagdating ni Matthew. Pero iyon lang ba talaga ang dahilan kung bakit ganito siya kasaya? Nakasama niya maghapon ang binata at nakita niya

Cure for a Broken Heart - Jessie Yannah

kung gaano ito kabait sa mga pasyente. Hindi rin ito napagod sa kakaalalay at kakabukas ng pinto para sa kanya. Oo, mukha itong tahimik at suplado sa unang tingin, ngunit nakita niyang mabait talaga ang katrabaho.

Gan'on naman ang lahat ng lalaki sa umpisa, paalala niya ulit sa sarili.